7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Gawaing Pampagkatuto sa Filipino

Kuwarter 2

Aralin 1

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa Filipino**
**Kuwarter 2: Aralin 1 (Linggo 2)**
**SY 2023-2024**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

Manunulat:
- Mercy B. Abuloc ((Philippine Normal University - Mindanao)

Tagasuri:
- Dr. Joel C. Malabanan (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

# SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 (Linggo 2) | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Mga Tuluyan Sa Panahon Ng Katutubo (Alamat) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | **7** |

**I. Bilang ng Gawain 1:** Paghawan ng Bokabolaryo (10 minuto)

**II. Mga Layunin:** Malinawan sa tamang kahulugan at paggamit ng ilang salitang magagami sa aralin.

**III. Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

**IV. Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap. Pagkatapos ay bumuo ng sariling pangungusap gamit ang salita.

1. May isang Pilandok na *isinuyod* ang lupa para maghanap ng makakain
**Kahulugan**: ____________________________________________
**Pangungusap**: ____________________________________________

2. "Opo, isang mahalagang bagay, ang *batingaw*".
**Kahulugan**: ____________________________________________
**Pangungusap**: ____________________________________________

3. "Ngunit ako ay karapat-dapat, isang *maharlika* na anak ng Sultan ng Agama ng Niyog".
**Kahulugan**: ____________________________________________
**Pangungusap**: ____________________________________________

4. *Kumaripas* ng takbo ang mga magnanakaw.
**Kahulugan**: ____________________________________________
**Pangungusap**: ____________________________________________

5. Dahil nasa lansangan pa si Juan Osong ng alas diyes, ipinasiya niyang *gumapang*.
**Kahulugan**: ____________________________________________
**Pangungusap**: ____________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 (Linggo 2) | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Mga Tuluyan Sa Panahon Ng Katutubo (Alamat) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | **7** |

**I. Bilang ng Gawain 2:** Pinatnubayang Pagbasa (10 minuto)

**II. Mga Layunin:** Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay, at tunggalian) at detalye sa panitikang tuluyan (pabula)

**III. Mga Kailangang Materyales:** panulat at papel

**IV. Panuto:** Sama-samang basahin ang isang pabula. Gawing gabay ang mga munting gawain.

**Si Pilandok at ang Batingaw**
(Isinaayos na muli mula sa bayan ng Meranao)

May isang Pilandok na isinuyod ang lupa para maghanap ng makakain. Dahil naghihirap ay kailangan talagang kumilos ngunit dahil sa pagod ay naisip niyang magpahinga muna. Huminga siya nang malalim at nabaling ang kaniyang mata sa bahay-pukyutan na animo ay isang batingaw.

Samantala, isang manlalakbay na si Somusun ang napadaan sakay ng isang kabayo. Kapansin-pansin ang marami nitong dala na mula pa sa mga bayang napuntuhan niya. Kabilang sa mga dala niya ang mga diyamante, ginto, at mamahaling mga bagay.

Napansin ni Somusun sa Alongan si Pilandok na nasa ilalim ng puno. Winika niya “Bakit ka nandiyan sa ilalim ng punong iyan?”

“Ay! Ah, Ako ay naatasan ng Sultan na bantayan ang napakahalaga at mamahaling gamit niya at nakataya ang buhay ko para rito,” mabilis na sabi ni Pilandok na nabuhayan ng loob sa tanong ng manlalakbay.

“Nakataya ang buhay mo? Katumbas ng isang mamahalin o maharlikang bagay na iyan?” Tanong ni Somusun.

“Opo, isang mahalagang bagay, ang batingaw” sagot ni Pilandok.

“Patunugin, patunugin natin nang malaman natin, maaari ba?” tanong ni Somusun.

“Naku, hindi maaari,” sagot ni Pilandok. “Iyon lamang karapat-dapat ang maaaring gumawa nito. Ang mga kamag-anak lamang ng Sultan ang maaaring magpatunog ng batingaw na ito.”

Napaisip si Somusun sa sinabi ni Pilandok. Sobrang nabighani ito kaya talagang tumindi ang kagustuhang mapatunog ang batingaw at matuklasan ang kakaibang tunog na mayroon ito.

Natigilan si Somusun sa sagot ni Pilandok. Lalo lamang itong nagtaka at naakit na patunugin ang inaakala niyang batingaw upang mapakinggan ang itinatagong tunog nito.

“Ngunit ako ay karapat-dapat, isang maharlika na anak ng Sultan ng Agama ng Niyog,” ang pagpipilit ni Somusun kay Pilandok. “Nakikita mo ang mga dala ko? Ito ang katanuyan ng pagiging maharlika ko. Ibibigay ko sa iyo ang mamahaling bagay na mayroon ako kapalit ng pahintulot na mapatunog ang batingaw na iyan.”

Sinipat ni Pilandok ang mga sinasabing dala ni Somusun at pansamatalang nag-isip saka nagsalita. “Kagaya ng sinabi mo ay kung talagang Maharlika ka ay wala lang sa iyo ang mga ibibigay mong yaman sa akin at hahayaan mo akong makalayo nang sa ganoon ay mapatunog mo ang batingaw.”

Nagkasundo ang dalawa at sinabi ni Somusun ang ganito. “Ibibigay ko sa iyo ang yaman ko.” Nang maiabot niya kay Pilandok ang yaman ay agad namang tumakbo si Pilandok papalayo. Samantala, gamit ang matulis na bagay ay buong lakas na pinalo si Somusun ang inakalang batingaw na isa pa lang bahay-pukyutan.

Naglabasan mula sa inakalang batingaw ang galit na galit na pukyutan na sumugod kay Somusun hanggang sa ito ay matumba. Saka lamang nailigtas si Somusun nang makita siya ng mga mandirigma. Nagising na lamang siya na nasa ibang lugar na ginagamot mula sa natamong paglusob sa kaniya ng pukyutan.

**A. TANONG-TUGON**: Ibigay ang hinihingi ng sumusunod: Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| **Buksan ang bombilya na literal:**<br>1. Ilarawan ang kalagayan ng Pilandok. Ano ang ginawa ni Pilandok para maakit nang husto si Somusun sa batingaw? | |
| **Buksan ang bombilya ng interpretasyon:**<br>2. Ano ang ibig sabihin ng dalawang uri ng tauhang ipinakilala sa akda na si Pilandok at Somusun? | |
| 3. Bakit ganoon na lamang kadaling maakit si Somusun sa batingaw? | |
| **Buksan ang bombilyang personal:**<br>4. Ano ang mahalagang mensaheng iniiwan sa iyo ng akda? | |
| 5. Sa iyong palagay, masasabi mo bang tagumpay si Pilandok sa kaniyang ipinakitang diskarte? Bakit oo, bakit hindi? | |

**B.** Ibigay ang kahulugan ng mga simbolismo o mga pahayag na nagbibigay pahiwatig ng mensahe sa akda. Magbigay ng mga patunay na pahayag mula sa akda.

| **Simbolo** | **Kahulugan** | **Mga patunay na Pahayag mula sa Akda** |
|---|---|---|
| diyamante/ginto | | |
| Batingaw | | |
| Pilandok | | |
| Somusun | | |

**C.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang nagtulak kay Pilandok upang manlinlang ng tao?

2. Ano ang paraan para magbago si Pilandok?

3. Kung sakaling magipit o mangailangan ka sa buhay, ano ang pinakamabuting magagawa mo para malutas ang iyong problema?

4. Kung bibigyan ka ng magandang pagkakataon ngunit mahirap gawin, maaari kayang tanggapin mo ito? Bakit oo, bakit hindi?

5. Ano ang maaari mong piliin sa dalawa, karangalan o kayamanan? Palawakin ang iyong sagot.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 (Linggo 2) | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Mga Tuluyan Sa Panahon Ng Katutubo (Kwentong Posong) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 3:** Bahagi-dunong (15 minuto)

II. **Mga Layunin:** Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay, at tunggalian) at detalye sa panitikang tuluyan (kwentong posong)

III. **Mga Kailangang Materyales:** panulat at papel

IV. **Panuto:** Sama-samang basahin ang isang pabula. Gawing gabay ang mga munting gawain.

**Si Juan Osong**

Kuwentong-bayan

May utos ang alkalde sa mensahero ng bayan kung saan nakatira si Juan Osong na ipabatid sa mga mamamayan ang bagong ordinansa na nagbabawal na maglakad sa kalsada pagsapit ng alas diyes ng gabi. Dahil nasa lansangan pa si Juan Osong ng alas diyes, ipinasiya niyang gumapang. Nakita siya ng pulis at tinanong. "Bakit narito ka pa? Hindi mo ba alam na bawal sa taumbayan ang maglakad sa kalye pagkatapos ng alas diyes ng gabi?"

Tumugon si Juan, "Opo, alam ko, pero nakikita naman ninyo. Hindi po ako naglalakad. Ako po ay gumagapang."

Isang araw, dumaan sa kuwartel ng militar si Juan. Kapag dumaraan ang isang tao sa kuwartel, inaasahang ito'y mag-aalis ng sumbrero at sumaludo sa bandila. Nang tawagin ng guwardiya si Juan at tanungin kung bakit hindi siya nag-alis ng sumbrero, sinabi ni Juan, "Ginoo, kung mag-aalis po ako ng sumbrero, malalantad po ang ulo ko sa init."

"A, iyan ba ang dahilan mo? Kung gayon, huwag na huwag ka nang aapak sa lugar na ito kahit kailan."

E, dahil kinakailangang dumaan si Juan sa munisipyo araw-araw para pumuntang palengke, ipinasiya niyang humukay ng lupa sa kaniyang bukid at inilagay sa kaniyang kariton. Ipinahila sa kalabaw ang kariton habang nagdaraan sa munisipyo. Nakita siyang muli ng sundalong nagbawal sa kaniyang dumaan sa lugar na iyon noong isang araw at sinabi nito: "Hindi ba sinabi kong huwag na huwag ka nang aapak sa lupang ito, kahit kailan?"

Sumagot si Juan, “Opo, pero nakaapak naman po ako sa sarili kong lupa,” ang sabi ni Juan.

May nakatatandang kapatid si Juan na nagngangalang Pedro. Isang araw, nang papaalis sila sa kanilang bahay, sinabi ni Pedro na ikandado ni Juan ang pinto. Pero sa halip nito, ang ginawa ni Juan ay dinala ang pinto. Nang tanungin ni Pedro kung bakit dinala ni Juan ang pinto, sinabi nitong mas mainam na huwag na itong iwan para wala talagang makapasok dito.

Nagdala rin si Juan ng palakol, dahil magsisibak silang magkapatid ng kahoy sa gubat. Nang nasa gubat na sila, nakahanap sila ng malilim na puno at ipinasiya nilang akyatin ito upang doon makapagpahinga. Habang nasa itaas ng puno, may grupo ng magnanakaw na dumaan sa ilalim at nagsimulang buksan ang kanilang sako para paghati-hatian ang kanilang ninakaw. Muntik nang mag-ingay si Juan pero pinigilan siya ni Pedro.

Pagkatapos, nagsimulang magluto ang mga magnanakaw. Katakam-takam ang amoy ng kanilang niluluto at muli, gustong bumaba ni Juan mula sa puno. Ibinagsak ni Juan ang pinto at nagulat ang mga magnanakaw. Pinalakas ang boses at sinabing, “Ako’y malaking tao, isang higante, bakit kayo nangangahas na istorbohin ako?”

“Kung sadyang ikaw nga ay higante,” hamon ng mga magnanakaw, “ihulog mo nga ang isa sa iyong mga ngipin?”

At hinulog nga ni Juan ang palakol, kaya kumaripas ng takbo ang mga magnanakaw. Naiwan ng mga ito ang kanilang nilulutong pagkain. Noon na lamang bumaba sina Juan at Pedro at kinain ang pagkain ng mga magnanakaw. Iniuwi rin nila ang sako ng mga gamit na naiwan ng mga ito.

**BAHAGI-DUNONG**: Sa tulong ng tsart, tukuyin ang mga elemento ng maikling kuwento na matatagpuan sa akdang “Si Juan Osong.”

| | |
|---|---|
| **TAUHAN** | Sino-sino ang tauhan sa maikling kuwento at paano naging mabisa ang kanilang karakter sa mas malalim na pag- unawa sa kuwento? |
| | |
| **TAGPUAN** | Saan naganap ang kuwentong binasa at paano ito nakatulong sa kulturang nakapaloob sa kuwento? |
| | |

| | |
|---|---|
| **SULIRANIN** | Ano ang naging pangunahing suliranin sa akdang binasa at paano ito naging mabisa upang maisakatuparan ang pagpabibigay ng mensahe ng akda? |
| | |
| **BANGHAY** | Isulat ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwentong "Si Juang Osong." Matapos itong isulat ay isasalaysay sa klase ang iyong naitala mula sa gawain. |
| | |

**TULONG-DUNONG:** Gawin ang kasunod na grapikong pantulong upang maunawaan ang ilang katangian ng Kuwentong Posong.

| **KUWENTONG POSONG** | | |
|---|---|---|
| **Paliwanag** | **Paliwanag** | **Paliwanag** |
| | | |
| Nagpasalin-salin | Kultura | Nakakaaliw |